

PAHAYAG NG IMPORMASYON SA BAKUNA

Mga Unang Bakuna ng Iyong Anak: Ano Ang Kailangan Mong Malaman

Many Vaccine Information Statements are available in Tagalog and other languages. See www.immunize.org/vis

Maraming Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Tagalog at sa iba pang mga wika. Tingnan sa www.immunize.org/vis

Ang mga bakunang kabilang sa pahayag na ito ay malamang na ibibigay nang kasabay sa panahon ng kamusmusan at ng maagang pagkabata. Mayroong hiwalay na *Mga Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna* para sa iba pang mga bakuna na nakagawiang ding inirerekomenda para sa mga bata (tigdas, beke, rubella, varicella, rotavirus, trangkaso, at hepatitis A)

Tatanggap ng iyong anak ang mga bakunang ito ngayon:

DTaP Hib Hepatitis B PCV Polio

(Tagapagbigay ng Serbisyo: Lagyan ng tsek ang naaangkop na mga kahon.)

1. Bakit magpabakuna?

Maaaring mapigilan ng mga bakuna ang sakit. Mahalaga ang pagbabakuna sa pagkabata dahil nakakatulong ito sa pagbigay ng kaligtasan sa sakit bago malantad ang mga bata sa mga sakit na may potensyal na magbanta sa buhay.

Dipteria, tetano, at pertussis (DTaP)

- Ang **dipteria (D)** ay maaaring humantong sa kahirapan sa paghinga, pagpalya ng puso, paralysis, o kamatayan.
- Ang **tetano (T)** ay nagdudulot ng masakit na paninigas ng mga kalamnan. Ang tetano ay maaaring humantong sa mga malubhang problema sa kalusugan, kabilang ang hindi kayang maibuka ang bibig, pagkakaroon ng problema sa paglunok at paghinga, o kamatayan.
- Ang **pertussis (aP)**, na kilala rin bilang “whooping cough,” ay maaaring magdulot ng hindi makontrol at marahas na pag-ubo na nagpapahirap sa paghinga, pagkain, o pag-inom. Ang pertussis ay maaaring maging sukdulang malubha, lalo na sa mga sanggol at mga bata, na nagdudulot ng pulmonya, mga kombulsyon, pinsala sa utak, o kamatayan.

Hib (*Haemophilus influenzae type b*) na sakit

Ang *Haemophilus influenzae type b* ay maaaring magdulot ng maraming iba't ibang uri ng impeksyon. Ang Hib na bakterya ay maaaring magdulot ng banayad na sakit, tulad ng mga impeksyon sa tainga o brongkitis, o maaaring magdulot ang mga ito ng malubhang sakit, tulad ng mga impeksyon sa dugo. Ang Hib na impeksyon ay maaari ding magdulot ng pulmonya; malubhang pamamaga sa lalamunan, na nagpapahirap sa paghinga; at mga impeksyon sa dugo, mga kasukasuan, mga buto, at pantakip sa puso. Ang malubhang Hib na impeksyon, na tinatawag ding “invasive Hib disease,” ay nangangailangan ng paggamot sa isang ospital at kung minsan ay maaaring magresulta sa kamatayan.

Hepatitis B

Ang **hepatitis B** ay isang sakit sa atay na maaaring magdulot ng banayad na sakit na tumatagal ng ilang linggo, o maaari itong humantong sa isang malubha at panghabambuhay na sakit. Ang malalang hepatitis B na impeksyon ay isang panandaliang sakit na maaaring humantong sa lagnat, pagkahapo, kawalan ng gana sa pagkain, pagduduwal, pagsusuka, paninilaw ng balat (dilaw na balat o mga mata, maitim na ihi, mga kulay putik na dumi), at pananakit ng mga kalamnan, mga kasukasuan, at tiyan. Ang talamak na hepatitis B na impeksyon ay isang pangmatagalang sakit na nangyayari kapag ang hepatitis B virus ay nananatili sa katawan ng isang tao. Karamihan ng mga tao na sa kalaunan ay nagkaroon ng talamak na hepatitis B ay walang mga sintomas, ngunit napakalubha pa rin ito at maaaring humantong sa pinsala ng atay (cirrhosis), kanser sa atay, at pagkamatay.

Pneumococcal na sakit (PCV)

Ang **pneumococcal na sakit** ay tumutukoy sa anumang sakit na dulot ng pneumococcal na bakterya. Ang mga bakteryang ito ay maaaring magdulot ng maraming uri ng mga sakit, kabilang ang pulmonya, na isang impeksyon sa mga baga. Bukod sa pulmonya, ang pneumococcal na bakterya ay maaari ding magdulot ng mga impeksyon sa tainga, mga impeksyon sa sinus, meningitis (impeksyon sa tisyu na tumatakip sa utak at utak ng galugod), at bacteremia (impeksyon sa dugo). Karamihan sa mga pneumococcal na impeksyon ay banayad. Gayunpaman, ang ilan ay maaaring magresulta sa mga pangmatagalang problema, tulad ng pinsala sa utak o pagkawala ng pandinig. Ang meningitis, bacteremia, at pulmonya na dulot ng pneumococcal na sakit ay maaaring nakamamatay.



U.S. Department of
Health and Human Services
Centers for Disease
Control and Prevention

Polio

Ang **polio** (o poliomyelitis) ay isang sakit na nakakapinsala at nagbabanta sa buhay na dulot ng poliovirus, na maaaring makahawa sa utak ng galugod ng isang tao, na humahantong sa paralysis. Karamihan ng mga taong nahawaan ng poliovirus ay walang sintomas, at marami ay gumagaling nang walang komplikasyon. Ang ilang taong nahawaan ng poliovirus ay makakaranas ng pananakit ng lalamunan, lagnat, pagkapagod, pagduduwal, sakit ng ulo, o pananakit ng tiyan, at karamihan sa mga taong may mga sintomas na ito ay gagaling din nang walang komplikasyon. Ang isang mas maliit na grupo ng mga tao ay magkakaroon ng mas malubhang mga sintomas: paresthesia (pakiramdam na may mga karayom na tumutusok-tusok sa mga binti), meningitis (impeksyon sa takip ng utak ng galugod at/o utak), o paralysis (hindi maigalaw ang mga bahagi ng katawan) o panghihina ng mga braso, mga binti, o pareho. Ang paralysis ay maaaring humantong sa permanenteng kapansanan at kamatayan.

2. DTaP, Hib, hepatitis B, pneumococcal conjugate, at polio na mga bakuna

Mga sanggol at mga bata ay karaniwang nangangailangan ng:

- 5 dosis ng **bakuna sa dipteria, tetano, at acellular pertussis (DTaP)**
- 3 o 4 na dosis ng **bakuna sa Hib**
- 3 dosis ng **bakuna sa hepatitis B**
- 4 na dosis ng bakuna sa **pneumococcal conjugate (PCV)**
- 4 na dosis ng **bakuna sa polio**

Ang ilang mga bata ay maaaring mangailangan ng mas kaunti o higit pa kaysa sa karaniwang bilang ng mga dosis ng ilang mga bakuna upang magkaroon ng pinakamahusay na proteksyon dahil sa kanilang edad sa pagbabakuna o iba pang mga pangyayari.

Ang mga nakatatandang bata, mga kabataan, at mga nasa hustong gulang na may tiyak na kondisyon sa kalusugan o iba pang mga kadahilanan ng panganib o hindi nabakunahan nang dati ay maaari ding irekomendang tumanggap ng 1 o higit pang dosis ng ilan sa mga bakunang ito.

Ibinibigay ang mga bakunang ito bilang alinman sa mga nag-iisa na bakuna o bilang bahagi ng isang kombinasyong bakuna (isang uri ng bakuna na pinagsasama-sama ang higit sa isang bakuna sa isang iniksyon).

3. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan

Sabihin sa iyong tagapagbigay ng serbisyo sa pagbabakuna kung ang bata na tatanggap ng bakuna ay:

Para sa lahat ng mga bakunang ito:

- Nagkaroon na ng isang **allergic na reaksiyon pagkatapos ng isang nakaraang dosis ng bakuna**, o nagkaroon ng anumang **mga allergy na malala at nagbabanta sa buhay**

Para sa DTaP:

- Nagkaroon na ng isang **allergic na reaksiyon pagkatapos ng isang nakaraang dosis ng anumang bakuna na nagpoprotekta laban sa dipteria, tetano, o pertussis**
- Nakaranas na ng isang **koma, mababang antas ng kamalayan, o matagal na mga kombulsyon sa loob ng 7 araw pagkatapos ng isang nakaraang dosis ng anumang bakuna sa pertussis (DTP o DTaP)**
- Nagkaroon ng mga **kombulsyon o iba pang problema sa sistema ng nerbiyo**
- Nagkaroon na kahit kailan ng **Guillain-Barré Syndrome** (tinatawag ding “GBS”)
- Nagkaroon na ng **malalang pananakit o pamamaga pagkatapos ng isang nakaraang dosis ng anumang bakuna na nagpoprotekta laban sa dipterya o tetano**

Para sa PCV:

- Nagkaroon na ng isang **allergic na reaksiyon pagkatapos ng isang nakaraang dosis ng anumang uri ng bakuna sa pneumococcal conjugate (PCV13, PCV15, PCV20, o isang naunang bakuna sa pneumococcal conjugate na kilala bilang PCV7), o sa anumang bakuna na naglalaman ng dipteria toxoid** (halimbawa, DTaP)

Sa ilang mga kaso, ang tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak ay maaaring magpasya na ipagpaliban ang pagbabakuna hanggang sa isang pagbisita sa hinaharap.

Maaaring mabakunahan ang mga batang may sakit na hindi malubha, tulad ng isang sipon. Ang mga bata na may katamtaman o malubhang sakit ay karaniwang dapat maghintay hanggang sila ay gumaling bago mabakunahan.

Ang tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak ay maaaring magbigay sa iyo ng higit pang impormasyon.

4. Mga panganib ng isang reaksiyon sa bakuna

Para sa lahat ng bakunang ito:

- Ang pagkirot, pamumula, pamamaga, mainit-init, pananakit, o masakit kung hikapin kung saan ibinigay ang iniksyon ay maaaring mangyari pagkatapos ng pagbabakuna.

Para sa bakuna sa DTaP, bakuna sa Hib, bakuna sa hepatitis B, at PCV:

- Maaaring mangyari ang lagnat pagkatapos ng pagbabakuna.

Para sa bakuna sa DTaP:

- Kung minsan, ang pagka-irritable, pakiramdam na pagod, kawalan ng gana sa pagkain, at pagsusuka ay nangyayari pagkatapos ng DTaP na pagbabakuna.
- Ang mga mas malubhang reaksiyon, tulad ng mga kombulsyon, walang tigil na pag-iyak sa loob ng 3 oras o higit pa, o mataas na lagnat (mahigit sa 40.5°C [105°F]) pagkatapos ng DTaP na pagbabakuna ay hindi gaanong madalas mangyari. Bihira, ang pagbabakuna ay sinusundan ng pamamaga ng buong braso o binti, lalo na sa mas matatandang bata kapag natanggap nila ang kanilang ikaapat o ikalimang dosis.

Para sa PCV:

- Maaaring mangyari ang kawalan ng gana sa pagkain, pagka-irritable, pakiramdam na pagod, sakit ng ulo, at pangingin pagkatapos ng PCV na pagbabakuna.
- Ang mga maliliit na bata ay maaaring nasa mas mataas na panganib para sa mga kombulsyon na dulot ng lagnat pagkatapos ng isang bakuna sa pneumococcal conjugate kung ito ay ibinigay kasabay ng hindi aktibong bakuna sa trangkaso. Magtanong sa iyong tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa higit pang impormasyon.

Tulad ng anumang gamot, mayroong isang napakaliit na tsansa na ang isang bakuna ay nagdudulot ng isang malalang allergic na reaksiyon, ibang malubhang pinsala sa katawan, o pagkamatay.

5. Paano kung may isang malubhang problema?

Ang isang allergic na reaksiyon ay maaaring mangyari pagkatapos umalis sa klinika ang taong nabakunahan. Kung makakita ka ng mga palatandaan ng isang malalang allergic na reaksiyon (pantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, kahirapan sa paghinga, isang mabilis na pagtibok ng puso, pagkahilo, o panghihina), tumawag sa 9-1-1 at dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital.

Tagalog translation provided by Immunize.org

Vaccine Information Statement (Interim)
Multi Pediatric Vaccines

Para sa iba pang mga palatandaan na nag-aalala sa iyo, tawagan ang iyong tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

Dapat iulat ang mga hindi mabuting reaksiyon sa Sistema ng Pag-uulat ng Hindi Mabuting Pangyayari kaugnay ng Bakuna (Vaccine Adverse Event Reporting System, VAERS). Karaniwang isusumite ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ang ulat na ito o maaaring ikaw mismo ang gumawa nito. Bumisita sa website ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov o tumawag sa **1-800-822-7967**. *Ang VAERS ay para lamang sa pag-uulat ng mga reaksiyon, at ang mga miyembro ng kawani ng VAERS ay hindi nagbibigay ng medikal na payo.*

6. Ang Pambansang Programa ng Kabayaran para sa Pinsala kaugnay ng Bakuna

Ang Pambansang Programa ng Kabayaran para sa Pinsala kaugnay ng Bakuna (National Vaccine Injury Compensation Program, VICP) ay isang pederal na programang nilikha upang mabayaran ang mga taong maaaring napinsala ng tiyak na mga bakuna. Ang mga paghahabol tungkol sa di-umano'y pinsala o pagkamatay dahil sa pagbabakuna ay may isang limitasyon sa oras para sa paghahain, na maaaring kasing-ikli ng dalawang taon. Bumisita sa website ng VICP sa www.hrsa.gov/vaccinecompensation o tumawag sa **1-800-338-2382** upang alamin ang tungkol sa programa at tungkol sa paghahain ng isang paghahabol.

7. Paano ako matuto nang higit pa?

- Tanungin ang iyong tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Bumisita sa website ng Pangangasiwa ng Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration, FDA) para sa mga kalakip sa pakete ng bakuna at karagdagang impormasyon sa www.fda.gov/vaccines-blood-biologics/vaccines.
- Makipag-ugnay sa Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC):
 - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** o
 - Bumisita sa website ng CDC sa www.cdc.gov/vaccines.

42 U.S.C. § 300aa-26
7/24/2023

OFFICE
USE
ONLY

